

### ●Kontrata ng Trabaho

- Ang kontrata ng trabaho ay pinipirmahan ng empleyado at ng kanyang amo.
  - Ang mga kondisyon sa trabaho kagaya ng deskripsiyon ng trabaho, lugar, oras, sahod at bakasyon ay kailangan malinaw na ipaliwanag at isulat ng amo para sa kanyang empleyado.  
(Ang oras ng trabaho ay 8 oras sa isang araw at 40 oras sa isang lingo at ang bakasyon naman ay isang araw sa isang lingo. Ang mga ito at iba pang kondisyon sa trabaho ang minimum na itinakda ng batas.)
  - Kumpirmahin ninyo kung kayo ay nakasama sa health insurance ng inyong kompanya kagaya ng nakasaad sa kontrata. Kapag kayo ay hindi makasapi, maaari kayong pumasok sa National Health Insurance kung ang panahon ng inyong pahintulot upang manatili rito ay isang taon o higit pa.
- ▼Para sa mga tanong, tawagan ang Health Insurance Department ☎079-552-7103
- Mayroong mga regulasyon sa bawat lugar ng trabaho pati na rin ang sistema sa oras ng trabaho, promosyon, pag-retiro at iba pa.

Kung sakaling magkaroon kayo ng problema, tawagan ang mga sumusunod

▼Hyogo Labor Standards Bureau, Supervision Department ☎078-367-9151

Intsik : Martes/Miyerkules : 9:00~16:30

▼Hyogo International Association Information and Advisory Service Center ☎078-382-2052

Portuguese, Intsik, Espanyol, Ingles : Lunes hanggang Biyernes 9:00~17:00

### ●Aksidente sa Trabaho (Workmen's Compensation Insurance for Accidents)

- Ito ang sistema ng bansa sa pagbabayad sa mga empleyadong naaksidente o nagkasakit sa trabaho o kaya ay habang papunta at pauwi alling sa trabaho.
- Ang bayad para sa aksidente o pagkakasakit sa trabaho pati na rin ang bayad sa health insurance ay responsibilidad ng amo o kompanya. Walang anumang babayaran ang empleyado.

### ●Employment Insurance

- Ito ang sistema ng bansa para tulungan ang mga nawalan ng trabaho sa pamamagitan ng pagbibigay ng allowance o kaya ay pagtulong sa paghahanap ng bagong trabaho.
- Makakatanggap ng unemployment subsidy ang isang empleyado sa buong panahong naghahanap siya ng bagong trabaho.
- Upang makatanggap ng unemployment subsidy, mag-apply sa Public Employment Security Office (Hello Work). ▼Hello Work Sasayama Sasayama-shi Gunge403-11 ☎079-552-0092
- Ang bayad sa insurance ay paghahatian ng empleyado at ng kanyang amo o pinapasukang kompanya (kinakaltas sa suweldo).

### ●Pension Insurance System

- Ito ang sistema ng pensyon para sa pinansiyal na seguridad ng mga matatanda, may kapansanan o namatay, at ng kanilang pamilya.
- Ang bayad sa insurance ay paghahatian ng empleyado at ng kanyang amo o pinapasukang kompanya (kinakaltas sa suweldo).
- Sakaling ang isang empleyado ay hindi makakatanggap ng kanyang pensyon dahil sa pag-alis niya sa Japan o iba pang dahilan, maaari niya itong tanggapin nang minsanan (lump sum).

\* Ang mga hindi makakuha ng pension insurance ay kailangang sumama sa national pension system.

Mayroong mga pamphlet ukol sa Japanese Pension System (nakasalin sa Ingles, Hangul, Intsik, Portuguese, Tagalog at Espanyol) sa Health Insurance Department (☎079-552-7103) .

- Ang mga buwis na binabayaran ay ang income tax, resident’s tax, consumption tax para sa iba’t ibang bilihin, automobile tax para sa mga sasakyan, real estate tax para sa bahay at lote, at iba pa.
  - Ang resident’s tax ay base sa suweldong natanggap sa nakaraang taon, bilang ng sinusuportahan, at iba pa. Ang porma para sa buwis ay ipinapadala sa mga magbabayad.
- Sa mga self-employed, sila mismo ang magkakalkula ng kanilang suweldo at babayaranang buwis bago nila isumite ang kanilang final income tax return.
  - Ang tax return ay isinusumite tauon-taon sa lokal na tax office mula Pebrero 16 hanggang Marso 15.
- Ang income tax ng mga namamasukan ay ikinakaltas sa kanilang suweldo ng kanilang amo o kompanya base sa sertipikasyon ng buwis na ikinaltas sa suweldo (certificate of tax withheld).
  - Kinakailangang kunin ng mga nag-retiro ang kanilang certificate of tax withheld bago umalis sa trabaho.
  - Puwedeng makakuha ng deduksiyon sa buwis ang mga taong nakapagbayad ng malaking halaga para sa pagpapagamot o kaya ay hindi maiwasang pagkakagastos dahil sa sakuna at iba pang dahilan.
- Para sa mga tanong, tawagan ang Tax Department (☎079-552-5306) o ang inyong pinagtrabahuan.

● Sample ng Certificate of Tax Withheld

平成 年分 給与所得の源泉徴収票																					
支払を受ける者	住所又は居所													氏名							
														(受給者番号)							
														(フリガナ)							
												(役職名)									
種別		支払金額				給与所得控除後の金額				所得控除の額の合計額				源泉徴収税額							
		円				円				円				円							
控除対象配偶者の有無等		配偶者特別控除の額		扶養親族の数 (配偶者を除く)				障害者の数 (本人を除く)		社会保険料等の金額		生命保険料の控除額		地震保険料の控除額		住宅借入金等特別控除の額					
有 無 従有 従無		千 円		人 従人 内 人 従人 内 人 従人 内 人 従人 内				人 従人 内 人 従人 内		千 円		千 円		千 円		千 円					
(摘要)住宅借入金等特別控除可能額										円 国民年金保険料等の金額				円							
										円 配偶者の合計所得				千 円							
										円 個人年金保険料の金額				千 円							
										円 旧長期損害保険料の金額				千 円							
未成者		乙 本人が障害者		寡 婦		寡 夫		勤 労 災 害 者		死 亡 退 職 者		災 害 者		外 国 人		中途就・退職		受給者生年月日			
欄		特別 その他		一般 特別		夫		生		退		者		人		就 退 年 月 日		明 大 昭 平 年 月 日			
支払者		住所(居所)又は所在地																			
		氏名又は名称														(電話)					
整理欄		①				②								3 1 5 - 1							

- |  |  |
|--|--|
| ① Tirahan (tatanggap ng bayad)                   | ⑪ Bilang ng may kapansanan                               |
| ② Pangalan (tatanggap ng bayad)                  | ⑫ Halaga ng deduksiyon para sa social insurance          |
| ③ Uri (bayad, suweldo, bonus, atbp.)             | ⑬ Halaga ng deduksiyon para sa life insurance            |
| ④ Halaga ng nabayaran                            | ⑭ Halaga ng deduksiyon para sa earthquake insurance      |
| ⑤ Halaga pagkakaltas ng deduksiyon bahay         | ⑮ Halaga ng espesyal na deduksiyon para sa loan ng bahay |
| ⑥ Halaga ng deduksiyon sa suweldo                | ⑯ Banyaga  |
| ⑦ Halaga ng ikinaltas na buwis                   | ⑰ Maagang pagretiro • pagretiro                          |
| ⑧ Deduksiyon para sa asawa (oo/hindi)            | ⑱ Petsa ng kapanganakan ng tatanggap                     |
| ⑨ Halaga ng espesyal na deduksiyon para sa asawa | ⑲ Tirahan (magbabayad ng buwis)                          |
| ⑩ Bilang ng kamag-anak na sinusuportahan         | ⑳ Pangalan (magbabayad ng buwis)                         |

Ipinapakita ng certificate of tax withheld ang suweldo at halaga ng binayaranang buwis sa loob ng isang taon at ito ay ibinigay ng mga employer mula Disyembre ng taong kasakuluyan hanggang Enero ng susunod na taon. Mahalaga ito sa pag-renew ng bisa at iba pang kaukulan kaya pakitabing mabuti ito.

● **Ang Resident’ s Tax (City & Prefectural Tax)**

- Ito ang buwis na babayaran sa probinsiya at lunsod, ang halaga ng buwis ay depende sa kinita o sinahod sa nakaraang taon.
- Sa lunsod ng Sasayama, ang iba’t-ibang serbisyo ng gobyerno ay naitataguyod sa pamamagitan ng buwis na binabayaran ng lahat ng mamamayan.
- Lahat ng nagtratabaho at tumatanggap ng sahod sa Japan ay kinakailangang magbayad ng buwis, kahit ano pa man ang kanilang nasyonalidad.  
Income Tax – buwis na kinakaltas ng amo bawat buwan sa sahod at binabayaran sa nasyonal na pamahalaan.

Resident’s Tax – buwis na babayaran sa lunsod na base sa sinahod sa nakaraang taon

- Lahat ng kasalukuyang nakatira sa Sasayama mula unang araw ng Enero ay kinakailangang magbayad ng buwis, kahit ano pa man ang kanilang nasyonalidad.
- Halaga ng Babayaran Buwis
  - Unipormeng Halaga – babayaran ng bawat isa (¥4,800) (bahagi nito ay ang ¥800 na berdeng buwis ng probinsiya na hanggang taong 2015 balak kolektahin)
  - Halaga ng Kita o Sahod – ang halaga ng buwis ay base sa kinita sa nakaraang taon. Kahit tumigil pa sa trabaho at kasalukuyang walang sahod, magbabayad pa rin ng buwis kung may sahod na natanggap sa nakaraang taon.

(Halaga ng Sahod– Deduksiyon) x Rate ng Buwis =Resident’s Tax

Buwis sa Lunsod	Buwis sa Probinsiya
6%	4%

- Paraan ng Pagbabayad
  - Babayaran ng apat na hulugan sa Hunyo, Agosto, Oktobre at Enero.
  - Ang Paunawa Ukol sa Babayaran Buwis ay ipapadala ng opisina ng lunsod ng Sasayama.
  - Ang buwis ay maaaring bayaran ng direktso sa mga sumusunod na lugar o kaya ay sa pamamagitan ng bank transfer. Pakigawa lamang po ang nararapat na hakbang sa Yuucho Bank / post office at mga institusyong pinansiyal. Ang mga pormularyo ay nasa Income Tax Section (☎079-552-6927).

- Saan Magbabayad

Sasayama City Hall Main Office/ Branch Office	8:30am-5:15pm
Yuucho Bank / Post Office	9:00am-4:00pm
Mitsui Sumitomo Bank, Central Hyogo Credit Association, Minato Bank, Tanba Sasayama Agricultural Cooperative, Hyogo Prefecture Credit Union, Tajima Bank	9:00am-3:00pm

- Kapag Hindi Nagbayad
  - Magkakaroon ng multa mula sa araw kasunod ng panahon ng pagbabayad hanggang sa araw na ito ay nabayaran.
  - Kung ang buwis ay mananatiling hindi nababayaran, maaaring kumpiskahin ang ari-arian at iba pa.
  - Kapag nahihirapag magbayad ng buwis, sumangguni lamang sa Income Tax Section (☎079-552-6927).
  - **Ang mga uuwi sa kanilang sariling bayan, dapat bayaran lamang lahat nang hindi pa bayad na buwis bago umuwi sa sariling bansa.**